## Ano ang isang Purok?

Ang Purok ay isang administratibong dibisyon na inorganisa upang gawing komportable at kasiya-siyang tirahan ang lugar batay sa boluntaryong pagkakaisa ng mga lokal na residente, at ito ay gumaganap ng isang pangunahing papel sa pagbuo ng komunidad.


Ang lugar ng Ono ay mayroong 11 purok at grupo sa bawat purok (mayroong humigit-kumulang 20 kabahayan sa yunit ng may magkakaparehong aktibidad). Ang purok ay kumbinasyon ng mga organisasyong may pansariling pamamahala at mga organisasyong nagsusulong para sa komunidad at nagpapatakbo sa malawakang hanay.

Higit pa rito, ang purok ay nakikipagtulungan sa (※1) iba't ibang organisasyon.

Ang mga opisyal ay ang tagapangulo ng purok [tagapangulo ng organisasyong pangkomunidad] (nangangasiwa sa purok), alkalde ng kinatawan ng purok (alkalde ng distrito), at pinuno ng grupo (pamilyar na mga opisyal sa purok). Ang pangangasiwa sa paghahatid ng mga balita ay mula sa pinuno ng grupo.


Ito ay isang lugar upang makipag-ugnayan at makipag-usap sa mga lokal na tao. Tuklasin ang saya at makipag-ugnayan sa pamamagitan ng kung ano ang maaari mong gawin o kung saan ka mahusay sa pamamagitan ng pakikipagtulungan at pakikilahok sa iba't ibang aktibidad sa halip na ipaubaya ito sa iba.

※1 Ang iba't ibang grupo na kinabibilangan nito ay ang Samahan ng mga Nakatatandang Mamamayan (Omotokai), Samahan ng mga kababaihan, Samahan ng mga bata, Fire Brigade, atbp.




Ang purok (grupo) ay ang pangunahing organisasyon upang mapabuti ang Lungsod. Pero minsan sabi nila 「walang mapapala kahit maging miyembro ka ng purok (grupo). Gayunpaman, mahirap manirahan sa isang lugar kung saan ay walang magandang pagbabago ang kapaligiran. Mula ngayon, magiging mas mahalaga ang malapit na kaugnayan sa isa't isa para sa pang-araw-araw na buhay tulad ng may kinalaman sa kapaligiran, basura, pag-iwas at kaligtasan sa sakuna, mga hakbang laban sa pagbaba ng mga bagong silang na sanggol at tumatandang populasyon. Sa ano mang paraan, lumahok tayo bilang isang miyembro ng purok(grupo), makipagtulungan upang mapabuti ang rehiyon.

# Impormasyon sa Pakikilahok sa Purok






Unyon ng Samahan ng Taga-Pangulo ng Purok ng Ono

Ang purok ay gumagawa ng iba't ibang aktibidad nang nakapag-iisa batay sa mga gastusin nito. Narito ang ilan sa mga pangunahing aktibidad ng purok.

## Mamuhay ng may Kapayapaan ng Isip



《Magkabit at Mangasiwa ng mga ilaw pang-seguridad》

- Maglagay ng mga ilaw sa madilim na kalsada sa gabi upang matiyak at ma-protektahan ang lugar mula sa krimen. Panatilihin at pangasiwaan ang mga ilaw ng pang-seguridad, tulad ng pag-lalagay ng mga ilaw sa pang-seguridad at mga singil sa kuryente.

《Protektahan ang mga Bata》

- Bantayan ang mga bata at magsagawa ng mga patrol para maiwasan ang mga krimen. Bilang karagdagan, nakikipag-ugnayan kami sa mga bata sa pamamagitan ng pagbati at pakikipag-usap sa kanila, gumawa ng komunidad kung saan sila mabubuhay nang ligtas at may kapayapaan ng isip.

《Boluntaryong Organisasyon sa Pag-iwas sa Kalamidad》

- Hindi natin alam kung kailan darating ang mga sakuna at krimen sa ating paligid. Upang makaiwas sa mga sakuna, kailangang tulungan ang bawat isa na naninirahan sa lugar at makipagtulungan sa buong komunidad. Sa bawat rehiyon, nagsusumikap mag-organisa ng boluntaryong gawain sa pag-iwas sa sakuna. Mangyaring makipagtulungan ang bawat isa.

## Gumugol ng Oras nang Kumportable sa Isang Magandang Purok

《Pagpapanatili ng Kapaligiran • Paglalagay ng imbakan ng basura》

- Sa Purok, para maisulong ang mga lokal na aktibidad sa pagpapapaganda ng kapaligiran, nag tayo ng lugar para sa imbakan ng basura, lubusang pagpapatupad ng mga kaugalian sa pagtatapon ng basura, maayos na pagtatapon ng basura araw-araw, maiwasan ang iligal na pagtatapon ng basura ng mga taong pasaway sa mga kalsada at mga kanal. Sama-samang sa pagkilos para sa pagpapapaganda ng kapaligiran tulad paglilinis ng mga parke, pag-aalis ng damo, at pagpuputol-putol ng basura.
  Bilang karagdagan, upang maprotektahan ang mga mapagkukunan ng mga bagay na mapapakinabangan, iniipon ito upang bawasan ang dami ng basura at i-recycle ito upang magamit muli.



## Pakikipag-ugnayan para sa Pagpapaunlad ng Purok



《Magsaya sa Lugar》

- Bukod sa pagkakaroon ng magandang kaugnayan sa mga kalapit bahay, mayroong isang masayang kaganapan, lumikha ng isang komportableng lugar na tirahan, magdaos ng "mga kumpetisyon sa palakasan, athletic meet, Sayaw sa Pagdiriwang ng Bon, pagdiriwang ng taglagas, Tondo" at iba pa.

- Malusog na pagpapalaki ng mga lokal na kabataan at mga gawaing pangkapakanan para sa mga matatanda, atbp

- Pinamamahalaan ang mga lugar ng pagpupulong, na siyang pangunahing pasilidad ng komunidad. Kung may nais gumamit ng lugar na ito para sa isang pag-pupulong, maaaring tumawag o makipag-ugnayan sa mga opisyal ng purok.

## Para sa Pagpapaunlad ng Purok na Nakabatay sa Impormasyon

《Pagpapasa sa paligid ng mga abiso》

- Mula sa iba't ibang lokal na kaganapan, agarang abiso sa kaganapan sa sakuna, atbp. Nangangalat ng mga katulad na impormasyon.

**Para saan ang bayad sa purok?**

Para sa pangagasiwa ng mga ilaw pang seguridad,
Pangangasiwa ng mga lugar ng pagpupulong at para sa pagpapatakbo ng purok.

**Ano ang gawain ng isang pinuno ng pangkat?**

Tulungan ang purok.
Kolektahin ang mga bayad sa purok.
Pagpasa sa paligid ng mga abiso., atbp.

